
# Kuwento 3 : David at Jonatan

**Talata sa Bibliya [1 Samuel 20:4]**

**Sinabi naman ni Jonatan, "Sabihin mo kung ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo."**

Dahil sa pagkapanalo ni David sa mandirigma na si Goliat siya ay pinahintulutan ni Haring Saul na manirahan sa palasyo.
Si Haring Saul at may anak na nagngangalang Jonatan.
Gusto ni Jonatan ang masigasig na si David. Si Jonatan at David ay mabilis na naging magkaibigan.
Hinubad ni Jonatan ang kanyang pinakamamahal na damit na isinusuot lamang ng isang prinsipe at kaniya itong isinuot kay David. Ibinigay din niya kay David ang kanyang baluti, espada, palaso at sinturon.
Ipinangako ni David at Jonatan sa isat-isa na magiging isang matalik na magkaibigan sila.
Bilang magkaibigan, mahal at iniingatan nina David at Jonatan ang isat-isa.
Isang araw, si Haring Saul ay bumalik sa digmaan kasama si David.
Ang mga tao sa daan ay nagkakantahan ng kanilang pagpupuri.
"Si Haring Saul ay pumatay ng libo habang si David naman ay sampung libo!"
Nagalit si Haring Saul na para bang mas gusto ng mga tao si David kaysa sa kanya.
Gusto ni Haring Saul na paslangin si David.
Nang malaman ito ni Jonatan siya ay lubusang nag alala kay David.
Kaya naman nag ipon siya ng lakas ng loob upang kausapin ang kaniyang ama na si Haring Saul.
"Ama, bakit mo binabalak na paslangin ang aking kaibigan?
Lumaban si David kay Goliat at nanalo siya, diba?
"Siya ay tunay na matapang at tapat na lingkod."
Si Haring Saul ay nahiya. Kaya naman ipinangako niya kay Jonatan na:
"Tama ka. Kaya hindi ko na papatayin si David."


Ngunit isang araw, noong si David ay tumutugtog ng alpa, hinagis ni Haring Saul ang sibat sa kanya.
Kaya naman si David ay tumakas kinagabihan.
Nalaman ni Haring Saul na tumakas si David.
Hindi gusto ni Haring Saul na tinutulungan ni Jonatan si David. Kaya siya nagalit.
Dahil sa kaniyang galit, pinatawag ni Haring Saul ang kaniyang mga sundalo upang hanapin si David.
Habang pinaplano ni Haring Saul na patayin si David, tinago ni Jonatan si David sa isang malaking bato.
Kahit pa gaano kinasusuklaman ni Haring Saul si David, hindi magawang magalit ni David kay Jonatan.
Si Jonatan ay nagpunta sa lihim na taguan ni David at sinabi dito na,
"David, sa aking palagay ang aking ama ay tunay na nais kang patayin. Kailangan mong tumakas."
Niyakap ni David at Jonatan ang isat-isa at tumangis.
Dumating na ang oras kung kailan kinakailangan na nilang maghiwalay.
Subalit, ang dalawa ay nanatiling matalik na magkaibigan.

- **Bakatin at kabisaduhin ang Bible verse. (1 Samuel 20:4)**

"Gagawin ko ang lahat ng iyong gusto"




**Gawain 1.** Isipin kung ano ang natutuhan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.



**Gawain 2.** Gupitin ang mga regalong ibinigay ni Jonatan kay David at bihisan siya.


Kagamitan: Gunting, pandikit











Finished image

